Pangalan: ________________________________________ Linggo:__________

Baitang & Pangkat : _______________________________ Petsa: __________

**SANAYANG PAPEL #_2__PAKSA: Mga Dahilan, Paraan at Epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya**

## GABAY

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** Nasusuri ang mga dahilan, paraan at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo ng mga kanluranin sa unang yugto (ika-16 at ika-17 siglo) pagdating nila sa Timog at Kanlunrang Asya.

Pagkatapos sagutan ang sanayang papel na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Naiisa-isa ang mga naging epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya;
2. Nasusuri ang mga naging epekto ng unang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo ng mga kanluranin sa mga bansang Asyano; at
3. Napahahalagahan ang mga naging epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.

## ENGGANYO

### Mga Dahilan, Paraan at Epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

**Kolonyalismo-** tumutukoy sa pagtatamo ng mga lupain upang matugunan ang layunin pangkomersyal at panrelihiyon ng isang bansa. Ang kolonisasyon ng mga kanluranin ay nagsimula sa mga bansang Europeo na gustong ipalaganap ang kanilang pananampalataya, makatuklas ng iba pang ruta patungo sa Silangan upang simulan ang pagtatag ng mga kumpanyang pangkalakalan, at kilalanin sila bilang isang makapangyarihang bansa.

**Layunin ng Kolonyalismo sa Asya**

1. **God-** Pagpapalaganap ng relihiyon
2. **Gold-** Pagpapaunlad ng ekonomiya. Mapakinabangan ang mga likas na yaman ng mga lupain na kanilang nasakop at upang maipagbili ang kanilang mga sobrang produkto sa kanilang mga kolonya nang sa ganoon umunlad ang kanilang bansa.
3. **Glory-** Pagpapalawak ng kapangyarihan. Ang pananakop ng lupain ay isang patunay sa pagkakaroon ng malakas na pwersang pandigma.

**IMPERYALISMO** – Ito ay tumutukoy sa patakaran ng isang makapangyarihang bansa na palawakin ang kanilang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagsakop o pagkontrol sa pangkabuhayan at pampolitikang kaayusan ng isa o iba't ibang bansa.

**IMPERYONG BRITISH** -Kilala bilang pinakamalaking imperyong naitatag sa kasaysayan ng daigdig. Ang mga **British** ay nagtalaga rin ng kompanya na siyang namahala sa pagtatag ng mga himpilang pangkalakalan sa Asya sa pamamagitan ng British East India Company.

## TALAB

**Gawain 1. Hularawan**

**Panuto**: Tukuyin kung ano ang mga sumusunod na larawan. Isulat ang iyong sagot sa papel.

**1.** 

**2.** 

**3.** 

**4.** 

**5.** 

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang papel na ginampanan ng mga ito sa panahon ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya?

2. Bilang mag-aaral, paano mo pinahahalagahan ang mga ito? Ipaliwanag ang iyong sagot.

## RUBDOB

**Gawain 2**

**Panuto**: Punan ng tamang sagot ang tsart batay sa naging epekto ng kolonyalismo sa bawat larangan .Isulat ang **mabuting epekto** o **di mabuting epekto** sa bawat larangang nabangit . Sagutan ito sa isang papel.

| **Larangan** | **Bansa sa Timog asya o Kanlurang Asya** | **Mabuting Epekto** | **Di Mabuting Epekto** |
|---|---|---|---|
| Hal. Teknolohiya | India | Napadadali ang gawain ,napararami ang mga produksyon. | Nababawasan ang mga kinakailangang manggagawa o labor force dahil sa paggamit ng teknolohiya |
| 1. Pamahalaan | | | |
| 2. Paniniwala | | | |
| 3. Edukasyon | | | |
| 4. Sining at kultura | | | |
| 5.Kabuhayan | | | |

## IRAL

**Gawain 3**

**Panuto:** Punan ang patlang ng mga sumusunod na epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Asya. Isulat ang **E** kung **Ekonomiya, P**_kung **Pulitika,** at **S/K**_kung **Sosyo-Kultural**. Isulat ang sagot sa isang papel.

_____1. Ang India ang naging tagapagtustos ng mga hilaw na materyales at pamilihan ng produktong kanluranin.

_____2. Maraming katutubo ang yumakap sa Kristiyanismo

_____3. Nagkaroon ng “fixed border” o takdang hangganan ang teritoryo ng bawat bansa.

_____4. Sumulpot ang mga kolonyal na lungsod.

_____5. Nagkaroon ng paghahalo ng lahi ng mga Kanluranin at katutubo upang mapanatili ang katapatan ng kolonya.

_____6. Pag-unlad ng sistema ng transportasyon at komunikasyon.

_____7. Nawalan ng karapatan ang mga Asyano na pamahalaan ang sariling bansa gamit ang sariling sistema.

_____8. Nailipat sa Europa ang mga kayamanan ng Asya na dapat pinakinabangan ng mga Asyano.

_____9.Nagtayo ng mga irigasyon, ospital, paaralan, at simbahan.

____10. Nagkaroon ng makabagong kaisipan at ideya na magamit sa pagpapatakbo ng

pamahalaan, ekonomiya at iba pang aspeto ng buhay.

____11.Nabuo ang mga kilusang nasyonalismo.

____12.Nagtatag ng maayos at sentralisadong pamahalaan.

____13.Mga kaugalian ay nahaluan.

____14. Mga istilo ng pamumuhay ay iginaya sa kanluranin.

____15.Isinilang ang mga Asyanong mangangalakal o “middle man”.

## Gawain 4: Poster making

**Panuto :** Gumuhit ng isang **poster** tungkol sa naging epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya. Gawin ito sa bond paper.

**RUBRIC SA PAGMAMARKA NG POSTER**

| Pamantayan | Deskripsiyon | Puntos | Nakuhang Puntos |
|---|---|---|---|
| Konsepto | Malinaw na naipapahayag ang konseptong nais iparating | 10 | |
| Pagkamalikhain | Angkop ang ginamit na kulay at disenyo | 10 | |
| Tema | May pangunahing tema na napapaloob sa poster | 5 | |
| Kabuuan | | 25 | |

*References:*
Kasaysayan ng Asya- Ederlina Dalista- Balena , Lucila Perez- De Guzman
*Araling Aryano Tungo sa Pagkakakilanlan-Romela m. Cruz, Mary Dorothy dl.Jose, Joel B. Mangulabnan, Michael M. Mercado, Jerome A. Ong*
*Image Retrieved:*
https://depositphotos.com/stock-photos/gold-bullion.html

https://sciencebob.com/what-would-a-compass-point-to-is-you-were-at-the-north-pole/

https://www.aliexpress.com/i/32917364085.html

**TEACHER'S FEEDBACK**

______________________________________________________________________

**SELF-MONITORING**

Pangalan: ________________________________ Linggo: ______________

Baitang & Pangkat: ___________________________ Asignatura: ___________

<table>
<tr><td colspan="4">Para sa Mag-aaral (Tapusin ang mga pangungusap.)</td></tr>
<tr><td colspan="2">Nahirapan akong unawain at gawin / sagutan ang bahaging…</td><td colspan="2"></td></tr>
<tr><td colspan="2">Nadaliaan akong unawain at gawin / sagutan ang bahaging …</td><td colspan="2"></td></tr>
<tr><td colspan="2">Kailangan ko pa ng tulong upang lalong maunawaan ang ….</td><td colspan="2"></td></tr>
<tr><td colspan="4">Para sa magulanG (Lagyan ng tsek ang inyong sagot.)</td></tr>
<tr><td colspan="2">Nagawa ng aking anak ang mga pagsasanay …</td><td colspan="2">Ang aking anak ay …</td></tr>
<tr><td></td><td>nang siya lamang mag-isa, walang tumulong</td><td></td><td>Nasagutan ang lahat ng mga pagsasanay</td></tr>
<tr><td></td><td>na may kaunting tulong sa pagsasabot mula sa iba</td><td></td><td>Nasagutan ang ibang pagsasanay at ang iba ay hindi</td></tr>
<tr><td></td><td>na marming hininingiing tulong sa pagsasagot mula sa iba</td><td></td><td>hindi nasagutan ang lahat ng pagsasanay dahil masyadong mahirap</td></tr>
</table>